

## S&T virtual exhibit ng DOST bukas na sa publiko

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, DOST-STII

**S**a mga nakakaraang taon, naging patok sa publiko ang mga taunang selebrasyon ng National Science and Technology Week (NSTW) dahil bukod sa mga bidang teknolohiya ay maaari ring makita nang personal ng publiko ang mga ang mga Pinoy at Pinay scientists natin.

Ngunit dahil sa mga restriksyon at quarantine protocol na dulot ng kasalukuyang pandemiko, hindi natuloy ang pisikal na selebrasyon ng NSTW ngayong taon. Sa kabila nito, hindi naging hadlang—bagkus ay naging isang oportunidad pa ito upang ipamalas ng Department of Science and Technology (DOST) ang isang makabagong alternatibo upang maihatid pa rin sa publiko ang taunang selebrasyon ng siyensya at teknolohiya.

Kaya naman sa kauna-unahang pagkakataon mula ika-23 hanggang ika-29 nang Nobyembre 2020 ay isasagawa ng DOST ang virtual celebration ng NSTW, katuwang ang iba't ibang ahensya at regional offices nito upang mabigyan ng pagkakataon ang publiko, partikular na ang akademya at pribadong sektor at industriya na makibahagi sa mga virtual exhibit at webinar tampok ang makabagong teknolohiya at programa ng DOST.

Ang virtual exhibit ng NSTW ay nahahati sa apat na cluster: Kalusugan, Kabuhayan, Kaayusanan, at Kinabukasan. Ang apat na temang ito ay nakaangkla sa framework ng Bayanihan to Heal as One Act.

Upang makapunta sa virtual exhibit, magtungo lamang sa NSTW website <https://nstw2020.dost.gov.ph/> at pindutin ang

### Mga Nilalaman

Mga benepisyaryo ng SETUP binigyang parangal ng DOST .....	p2
DOST-FNRI nagsagawa ng 'Nutriflix' sa 2020 NSTW .....	p3
Pagbuo ng independent regulatory body para sa teknolohiyang nukleyar, isinusulong ng DOST-PNRI.....	p4



Tampok sa unang virtual celebration ng 2020 NSTW ang mga makabagong teknolohiya, programa, at serbisyo ng DOST mula ika-23 hanggang ika-29 ng Nobyembre 2020. (Screenshot ng 2020 NSTW virtual exhibit)

“Register”. Pagkatapos nito, mayroong sasagutan na form at kapag na-click na ang “Submit” button, makapasok na sa online convention-type lobby kung saan makikita ang mga button patungo sa Plenary Hall at sa Exhibit Hall.

Pagpasok sa Exhibit Hall, maaari nang bisitahin at makita ang mga impormasyon tungkol sa iba't ibang teknolohiya at serbisyo ng DOST na tampok sa apat na exhibit cluster.

Para sa cluster ng Kalusugan, ilan sa mga kasamang teknolohiya ay ang Bamboo Use Redefined, New Normal Necessities at Modern Textile. Sa Kabuhayan cluster naman makikita ang mga serbisyo at produktong nakatuon

sa pagbibigay ng rural na pangkabuhayan at industrial innovation sa metals and engineering, at iba pa. Ang mga teknolohiya namang katulad ng emergency foods, hazard and risk assessment, smart agricultural technology, at transport system technology ang itatampok sa Kaayusanan cluster. Samantala, mga innovative learning tool naman ang bidang atraksyon sa Kinabukasan cluster.

Para sa karagdagang impormasyon, magtungo lamang sa [www.nstw.dost.gov.ph](http://www.nstw.dost.gov.ph) o sa opisyal na Facebook page ng National Science and Technology Week. (Impormasyon mula kay Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII)

# Mga benepisyaryo ng SETUP binigyang parangal ng DOST

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, *DOST-STII*

**S**a loob ng 18 taon, tumutulong ang Department of Science and Technology (DOST) sa mga micro, small, and medium enterprises (MSMEs) upang mapataas ang kanilang produksyon at paunlarin ang kanilang teknikal na kapasidad sa tulong ng Small Enterprise Technology Upgrading Program (SETUP), isa sa mga pangunahing programa ng ahensya.

Layon ng SETUP na tulongan ang mga MSMEs sa pag-impleta ng technological innovations sa kani-kanilang kinabibilangang industriya sa pamamagitan ng pagpapaunlad sa kanilang product quality at market competitiveness. Ilan sa mga tulong na hatid ng SETUP ay ang pagbibigay ng training at seminar tungkol sa technology adoption, energy utilization, good manufacturing practices, at iba pa.

Sa taong ito, isinagawa ng DOST, katuwang ang DOST Regional Office-Leyte, ang taunang SETUP forum. Sa mga nakakaraang taon, kinikilala ng DOST ang mga best technology adapter at beneficiary ng SETUP sa forum na ito. Dagdag pa rito, naitala ng DOST na marami pa rin sa mga MSMEs na natulungan ng SETUP ang tuluy-tuloy pa rin ang operasyon sa kabila ng kasalukuyang pandemiko. Kaya naman, pinalitan ng DOST ang award na matatanggap ng SETUP beneficiary mula “best” ay magiging PRAISE (Productivity, Resilience, Agility, Innovativeness, Sustainability, Excellence) award ang igagawad.

Layon ng SETUP PRAISE Awards na gawaran ng pagkilala ang MSMEs na nagpakita ng mataas productivity, resilience, agility, innovation, sustainability, at excellence sa kabila ng mga pagsubok at restriksyong dala ng pandemiko.

Dagdag pa rito, nagsilbing “big brother or sister” ang ilan sa mga SETUP adapters upang makatulong sa iba pang negosyo sa paga-adjust sa “new normal”. “Our own SETUP beneficiaries have also been assisting other smaller firms, and I am very proud of that. They are people who are willing to help other companies [to increase and innovate],” paliwanag ni DOST Secretary Fortunato T. de la Peña.

Labing-anim na benepisyaryo o isa sa bawat rehiyon sa bansa ang kinilala at

ginawaran ng SETUP PRAISE Award para sa natamo nilang tagumpay sa kani-kanilang kinabibilangang industriya. Ito ay ang mga sumusunod:

- CR - DJM Grandeur Corporation
- CAR - Health 100 Restaurant
- Region 1 - Bakers PH
- Region 2 - Agri-Component Machineries and Construction Corporation (AMCC)
- Region 3 - I-Provide Health Food Manufacturing
- Region 4A - Amstature Foods
- Region 4B - Red Gate Farm Supplies
- Region 5 - Pan de Masbate
- Region 6 - RU Foundry and Machine Shop Corporation
- Region 7 - Southern Negros Agri-Fisheries Multipurpose Cooperative (SONAMCO)
- Region 8 - GTC Poultry Farm
- Region 9 - VMD Rice Mill
- Region 10 - NJ Duct Works
- Region 11 - CPRP Manufacturing
- Region 12 - Kablon Farm Foods Corporation
- • CARAGA - Millenium Ricemill

Ang mga nabanggit na SETUP Regional PRAISE Awardee ay nakakuha ng Php 20,000.

Samantala, sa 16 na mga SETUP beneficiary, lima rito ang nakakuha ng special award na may kasamang plaque of recognition at karagdagang Php 30,000.

Ito ay sina:

- Most Resilient - Millenium Ricemill (Caraga)

- Most Agile - GTC Poultry Farm (Region 8)
- Most Productive - Agri-Component Machineries and Construction Corporation (Region 2)
- Most Innovative - Kablon Farm Foods Corporation (Region 12)

Ang nag-uwi naman ng National SETUP PRAISE Award ay ang DJM Grandeur Corporation mula sa NCR. Nakatanggap ang DJM Grandeur Corporation ng Php 100,000 sa kanilang pagkapanalo.

“From Region 1 to Caraga, we can see that the winners are stories of how we can succeed and be resilient even during these abnormal times,” paliwanag ni Sec. de la Peña. “The more success stories we see among our MSMEs, the more confident we are—that we are indeed progressing, and that the technology assistance [through SETUP] helped a lot,” dagdag pa niya.

Matapos ang awarding ceremony ay sabay namang inilunsad ng DOST ang upgrade program ng SETUP. Ang unang SETUP (2002-2017) ay nagbigay ng firm-level assistance at pag-upgrade ng existing technology at product ng MSMEs. Samantala, sa SETUP 2.0 (2018-2020), may karagdagang S&T assistance na ibinibigay sa MSMEs upang mapaunlad ang enterprise at productivity ng MSMEs. Kasama rin sa SETUP 2.0 ang pag-debelop ng industry-S&T roadmap. (*Impormasyon mula kay Lanquin Seyer R. Gacusan, DOST-STII*)



Ang limang criteria sa pagpili ng SETUP PRAISE Awardee

# DOST-FNRI nagsagawa ng 'Nutriflix' sa 2020 NSTW

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, DOST-STII



Isa ang "Indigenous Vegetables (Mga katutubong gulay)" sa mga AVPs ng 'Nutriflix'

**T**uloy ang ang selebrasyon ng 2020 National Science and Technology Week at sa kauna-unahang pagkakataon ay idaraos ito "virtually". Kasabay ng virtual celebration, inilunsad ng Department of Science and Technology, sa pangunguna ng DOST-Food and Nutrition Research Institute (FNRI), ang 'Nutriflix'—isang interactive trivia game tungkol sa pagkain at nutrisyon.

Ang 'Nutriflix' ay isang makabagong paraan upang ihatid sa publiko ang iba't ibang kaalaman patungkol sa pagkain at sa nutrisyon sa pamamagitan ng mga audio-visual presentation (AVPs). May mga trivia question pagkatapos ng bawat AVP at ang unang limang makasasagot ay makatatanggap ng PhP 100 na cellphone load. Sa ganitong paraan, mas maeengganyo ang mga kalahok na makinig at matuto tungkol sa tamang pagkain at nutrisyon, kasama na rin ang iba't ibang programa ng DOST-FNRI patungkol dito.

Sa paunang bati ni Dr. Milflor S. Gonzales, Chief Science Research Specialist and OIC for the Office of the Director ng DOST-FNRI, inanyayahan niya ang publiko na panoorin at alamin ang importansya ng science, technology, maayos na pagkain at nutrisyon para sa mas malusog na pamumuhay.

"Kayo po ay matututo at mag e-enjoy. After our Nutriflix, sana po ay maging kaisa naming kayo sa pagsulong ng wastong nutrisyon at tamang pagkain, para lahat po tayo ay maging malusog," aniya.

Bilang pagsuporta sa paglulunsad ng 'Nutriflix', dumalo rin sina DOST Secretary Fortunato T. de la Peña at DOST Undersecretary for Regional Operations Brenda L. Nazareth-Manzano.

Kaakibat ang tema ng 2020 NSTW, "Agham at Teknolohiya: Sandigan ng Kalusugan, Kabuhayan, Kaayusan at Kinabukasan", tampok sa 'Nutriflix' ang limang AVPs para sa trivia games:

- Pinggang Pinoy
- DOST-FNRI MTV: Nutrition Tips
- The 2012 Nutritional Guidelines for Filipinos
- Indigenous Vegetables (Mga katutubong gulay)
- DOST-FNRI MTV: Local Fruits

Bago matapos ang programa, inanyayahan ng DOST-FNRI ang mga kalahok na pumunta sa muling paglulunsad ng iFNRI—isa sa malalaking program ng ahensya upang paigtingin ang ICT ng DOST-FNRI—na ginanap noong ika-27 ng Nobyembre 2020.

Maaaring bistahin ang <https://i.fnri.dost.gov.ph/> at ang social media pages ng DOST-FNRI para sa karagdagang impormasyon. (Impormasyon mula kay John Eris Tambago, DOST-STII).

**RODOLFO P. DE GUZMAN**  
Editor-in-Chief

**JASMIN JOYCE P. SEVILLA**  
Managing Editor

**JAMES B. INTIA**  
Layout Artist

**ROSEMARIE C. SEÑORA**  
Proofreader

**ALLAN MAURO V. MARFAL**  
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa [balitangrapidost@gmail.com](mailto:balitangrapidost@gmail.com) o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.

# Pagbuo ng independent regulatory body para sa teknolohiyang nukleyar, isinusulong ng DOST-PNRI

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, *DOST-STII*

**I**sinusulong Department of Science and Technology-Philippine Nuclear Research Institute (DOST-PNRI) ang pagbuo ng independent regulating body sa bansa na makatutulong na mabago ang pagtingin ng publiko patungkol sa nuclear technology.

Sa ginanap na online forum na pinamagatang "Regulating Nuclear Facilities and Activities in the Philippines", ipinaliwanag ni DOST-PNRI Director Carlo A. Arcilla na ang pagkakaroon ng isang regulatory activity sa ionization radiation ay importante.

"There is a prevailing myth in many people's minds about nuclear. They think nuclear is the bomb and destructive and the only way public trust can be earned if there is an effective and independent nuclear regulating body," ani Dir. Arcilla.

Sa kasalukuyang organizational structure, ang regulatory division at ang mga division na nagpo-promote ng nuclear research at application ay nasa pamamahala ng DOST-PNRI.

Isa ang DOST-PNRI sa ahensya ng DOST na ang pangunahing mandato ay isulong ang maayos na paggamit ng nuclear technology sa bansa.

Bilang sentro ng lahat ng nuclear science and technology activity sa bansa, ilan sa mga programang isinusulong ng DOST-PNRI ay ang research and development sa nuclear and radiation applications, materials, at processes; nuclear and radiation-based services; licensing and regulations; at pag-transfer ng technology sa mga end-user.

"If we have a separate regulatory body, it makes checks and balances more effective. Currently, the director of DOST-PNRI is promoting and regulating at the same time, which is very complicated and not an ideal situation," dagdag pa ni Dr. Arcilla.

Paliwanag pa ni Dr. Arcilla, ang pagkakaroon ng hiwalay na regulatory body sa promotional unit ay alinsunod lamang sa international practice.

Dagdag pa niya, mas madali rin ang pag-apruba ng mga desisyon kung may hiwalay na regulatory body. "For example, if there is a nuclear power plant operating, for the sake of economy, if there is a defect in some

place; okay, let's continue to operate despite its unsafe because the huge amount of money will be lost. In this situation, safety is compromised. But if there is an independent regulator, the regulator can say, even we lost a lot of money, our top priority is safety. That's an important consideration," paliwanag ni Dr. Arcilla.

## Pagtatag ng Philippine Atomic Regulatory Commission

Sa kasalukuyan, mayroong ipinasang batas sa Senado at sa House of Representatives patungkol sa pagsasagawa ng independent nuclear regulatory body. Layon ng mga batas na ito na pag-isahin ang Nuclear Regulatory Division of DOST-PNRI at ang Centre for Device Regulation Radiation Health and Research (CDRRHR)-Radiation Regulation Division upang makabuo ng Philippine Atomic Regulatory Commission. Ito ay magsisilbing independent regulatory body na alinsunod sa international standards sa pag-regulate ng lahat ng practices at pasilidad patungkol sa ionizing radiation sources, kasama ang nuclear at iba pang radioactive materials, facilities, at radiation generating equipment.

Sa hiwalay na interview na ipinalabas sa online NSTW TechTalk show noong ika-28

ng Nobyembre 2020, ipinaliwanag naman ni Dir. Arcilla na marami ng industriya at sektor sa ibang bansa ang nakinabang iba't ibang produkto ng nuclear research.

Kasama na rito ang aspeto ng medisina kung saan ginagamit ang radiation sa maagang diagnosis at maging sa treatment ng cancer. Mayroon ding nuclear application sa pag-prodyus ng plant growth promoter na mula sa seaweeds, kung saan nakatutulong ito mapataas ang produksyon ng bigas nang 30 porsyento.

"There is more to nuclear science than just a bombs, explosions, and destructive images we have in our minds or what we usually see. We would like to highlight that even in food, medicine, and agriculture, nuclear science can be applied and be game-changers," dagdag ni Dir. Arcilla.

Kasama ang "Regulating Nuclear Facilities and Activities in the Philippines" webinar sa ginanap na 2020 National Science and Technology Week (NSTW) virtual celebration mula ika-23 hanggang ika-29 ng Nobyembre 2020 dala ang temang "Agham at Teknolohiya: Sandigan ng Kalusugan, Kabuhayan, Kaayusan, at Kinabukasan." (*Impormasyon mula kay Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII*)



Ibinahagi ni Department of Science and Technology-Philippine Nuclear Research Institute (DOST-PNRI) Director Carlo A. Arcilla sa isang webinar na Malaki ang maitutulong ng isang independent nuclear regulatory body upang mas mapataas ang kumpiyansa ng publiko sa maayos at ligtas na paggamit ng nuclear technology. (*Larawan mula kay Henry A. de Leon, DOST-STII*)